
# Balitang Manmin

BILANG 191 NOBYEMBRE 19, 2017



# Humina at Nawala ang Napakalakas na Bagyong Irma Dahil sa Makapangyarihang Panalangin!

Nagdurusa ang mundo sa mga kalamidad sa kalikasan tulad ng mga lindol, napakalalakas na bagyo, tagtuyot, at mga baha. Kamakailan lang, lumindol ng may lakas na 7.1 sa Mexico, at mahigit sa 300 tao ang namatay. Sinabi ng isa sa mga tumulong sa pasalba ng mga biktima, "Parang Sodoma at Gomorra. Siguro, galit ang Diyos sa atin."

Pero, ang Diyos mismo ay pag-ibig. Hindi niya hahatulan ang Sodoma at Gomorra kung may sampu man lang matuwid na tao. Para maibahagi ang pag-ibig Niya, nilalang Niya si Adan ng buong ingat, hindi Siya natuwa sa paglipol sa masasamang tao, naghintay Siya na magsisi at magbalik sila sa Kanya. Kahit ngayon, ipinapakita Niya ang malalim na pag-ibig Niya para sa mga kaluluwa sa pamamagitan ng kapangyarihan Niya sa kalikasan.


Noong simula ng Setyembre 2017, naipakita muli ang kapangyarihan at pag-ibig ng Diyos. Naghasik ng takot ang napakalakas na bagyong Irma sa Estados Unidos. Isang linggo bago dumating ang bagyong Irma, bago matapos ang Agosto, dumaan ang bagyong Harvey sa Texas at Louisiana. Kahit mas mahina ito kaysa sa bagyong Irma, 60 tao ang namatay, at nalugi ang ekonomiya ng may $180 bilyong dolyar. Ang takot na dala ni Harvey sa gubyerno ng Estados Unidos ay napakalaki.

Dahil nagbabala na tungkol sa bagyong Irma, nagpadala na ng hiling na panalangin kay Dr. Jaerock Lee ang mga misyonero at mananampalataya ng Manmin. Sina Dr. Mikhail Morgulis, Presidente ng Spiritual Diplomacy; Pastor Mark Bazalev, World Holiness Center; Pastor Vitaliy Fishberg, The Wisdom and Power of God Manmin Church; Pastor Gennadiy Zavaliy, nagpapastor sa isang iglesyang may mga miyembrong Ruso ang wika sa New York; at marami pang ibang pastor na Russian-American na nasa Estados Unidos.

Noong Setyembre 8, idinalangin sila ni Dr. Jaerock Lee ng ika-6:45 ng umaga. Pagkatapos ng panalangin niya, nagbago ang direksyon ng bagyo. Ibinalita na darating ito sa silangang Florida bilang bagyong may lakas na category 4, at kikilos pa-hilaga patungo sa silangang baybayin ng Estados Unidos (figure 1). Nagbago ang direksyon ng bagyong Irma, nagpatuloy ito papuntang kanluran, patungong hilaga, at looban. Humina ito, naging category 3, 2, 1, at noong Setyembre 12, naging malakas na ulan na lang (figure 2).


Bukod dito, nagbago ang direksyon nito patungong kanluran kung saan may mga pasyalan at katubigan na kakaunti lang ang naninirahan, hindi sa mga lunsod sa bandang silangan na maraming tao. Dahil dito kakaunti lang ang apektado. Dahil nanalangin si Dr. Lee, naiwasan ng Estados Unidos ang napakalaking kalamidad. Tumanggap ang iglesya ng napakaraming sulat mula sa mga pastor at mananampalataya na prinotektahan ng Diyos dahil sa panalangin ni Dr. Lee (basahin ang pahina 4 para sa karagdagang balita tungkol dito).

Figure 1 Bago ipanalangin_Ika-5:00 ng umaga, Setyembre 7




Ibinalita na dadaan ang malakas na bagyong Irma sa Caribbean Sea, at kikilos patungong hilaga malapit sa silangang baybayin ng Florida.

Figure 2 Pagkatapos ipanalangin_Ika-5:00 ng hapon, Setyembre 10





Hindi inasahang kikilos ang bagyong Irma patungong kanluran, papasok sa looban, kaya mabilis ang paghina nito, at pagkatapos, tuluyang nawala.

## Ang Anim na Libro ni Dr. Jaerock Lee na Nagsisilbing Saligan ng Pananampalataya

Sampung Salot

### Buhay na Sumusunod at Buhay na Sumusuway

Inilathala sa 8 wika




Sa pamamagitan ng malalim na pag-aaral tungkol sa Sampung Salot, ipapaliwanag ng librong ito ang mga espirituwal na dahilan ng mga kalamidad na dumarating sa buhay natin araw-araw. Gagabayan tayo nito sa daan patungo sa mga biyayang pwede nating tanggapin kung susunod tayo sa Salita ng Diyos.

Pananampalataya

### Katiyakan sa mga Bagay na Inasahan

Inilathala sa 4 na wika





Nakasulat sa librong ito ang paraan kung paano magkakaroon ng tamang pananampalataya ang isang Cristiano. Ipaliliwanag nito sa mga magbabasa kung ano ang pananampalataya, kung paano magkakaroon ng lubos na pananampalataya, at kung anong klaseng kapangyarihan ang ipinakita ng mga ama ng pananampalataya. Mababasa rin dito kung anong mga bunga ng mga gawang nagmumula sa tunay na pananampalataya.

Kasagutan

### Ibibigay ng Aking Ama sa Inyo sa Aking Pangalan

Inilathala sa 4 na wika





Inilalarawan ng librong ito ang mga espirituwal na tuntunin para tumanggap ng mga kasagutan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag tungkol sa pitong Espiritu; ang mga paraan para tumanggap ng mga biyaya sa pamamagitan ng paghahasik at pag-aani; at mga dahilan kung bakit hindi tayo tumatanggap ng mga kasagutan sa mga dalangin natin.

Panalangin

### Magbantay at Manalangin

Inilathala sa 10 wika





Mababasa sa librong ito ang tungkol sa tamang paraan at kalooban sa pagdulog sa pananalangin para makapaghandog sa Diyos ng mga dalanging epektibo na magdadala ng mga kasagutan at mga biyaya.

Sampung Utos

### Ang Kautusan ng Diyos

Inilathala sa 7 wika





Ipinapaliwanag ng librong ito kung bakit ibinigay ng Diyos sa atin ang Sampung Utos, ang mga espirituwal na kahulugan ng mga ito, at mga biyaya ng Diyos sa mga susunod dito.

Espirituwal na Pagsamba

### Sumamba sa Espiritu at Katotohanan

Inilathala sa 5 wika




Ang mga tuntunin tungkol sa paghahandog na nakasulat sa aklat ng Levitico sa Lumang Tipan ay hindi lang tumatalakay sa mga ritwal na ginagawa kapag naghahandog kundi pati sa mga malalim na kahulugan ng mga ito. Ito ay magbibigay ng malaking tulong sa atin para makapaghandog ng espirituwal na pagsamba na magbibigay ng lugod sa Diyos.



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

# Tunay na Kapayapaan Mula sa Panginoon

"Kapayapaan ang iniiwan Ko sa inyo, ang Aking kapayapaan ay ibinibigay Ko sa inyo. Hindi gaya ng ibinibigay ng sanlibutan ang ibinibigay Ko sa inyo. Huwag mabagabag ang inyong puso, o matakot man."
(Juan 14:27)

Maraming tao ngayon ang nabubuhay sa pag-aalala at takot dahil maraming labanan at kalamidad sa iba't ibang lugar. Natatakot sila na magkaroon ng karamdaman o kamatayan sa kanila at sa pamilya nila, at mga kaibigan. Pinaghahandaan nila ang mga aksidenteng maaaring mangyari. Paano tayo magkakaroon ng tunay na kapayapaan? Talakayin natin ang mga paraan.

### 1. Hindi tunay na kapayapaan ang ibinibigay ng mundo, Diyos ang magbibigay nito sa inyo

Ang kahulugan ng 'kapayapaan' sa isang diksyunaryo ay 'walang gumagambala o gumugulo, nasa kalma at tahimik na kapaligiran'. Maraming tao ang naghahangad nito, pero mahirap itong makamit. Para makamit ang kapayapaan, nagsisikap silang yumaman, sumikat, at maging makapangyaihan. Pero sa bandang huli, makikita nila na hindi makakaya ng tao na takasan ang mga kalamidad, pagsubok, o mga karamdaman. Kahit mapayapa at wala silang alalahanin ngayon tungkol sa damit, pagkain, at tirahan, natatakot sila sa kanilang kinabukasan, hindi nila alam kung ano ang mangyayari. Nabubuhay sila sa takot at pag-aalala.

Nangmumula sa Diyos ang tunay na kapayapaan; makukuha ninyo ito kung ibibigay ito sa inyo ng Diyos. Hindi ito ibinibigay dahil gusto ninyo, at hindi ito maibibigay sa inyo ng mundo. Hindi kayo magiging mapayapa kung sikat, makapangyarihan, o mayaman kayo. Pero pwedeng maging kalmado, mapayapa, at maligaya tulad ng sanggol na yakap ng kanilang ina, ang mga mananampalatayang nananahan sa Diyos kahit nahihirapan sila sa buhay.

Ipinadala sa mundo ng Diyos ng pag-ibig si Jesus na ating Tagapagligtas para magbigay ng kapayapaan sa Kanyang mga anak. Kaya, makakamit ang kapayapaang mula sa Diyos nang sinumang magtitiwala sa Panginoon at tatalikod sa kasalanan at kawalan ng batas. Tinupad ng Panginoon ang kalooban ng Diyos sa kaligtasan sa pamamagitan ng kamatayan sa krus ng may buong pagmamahal. Ang mga naliligtas sa pamamagitan ng pananampalataya ay magkakaroon ng kapayapaan at magpapasalamat sa nahanap nilang walang hanggang mga bagay.

### 2. Hanapin ang mga bagay na walang hanggan, ibig sabihin, hanapin ang katotohanan, at darating sa inyo ang kapayapaan mula sa Diyos

Mababasa sa Mga Awit 119:165, "May dakilang kapayapaan ang mga umiibig sa Iyong kautusan, walang anumang sa kanila ay makapagpapabuwal."

Kung minamahal ninyo ang utos ng Panginoon na siyang katotohanan, magiging maligaya, masaya, at mapayapa kayo, walang bagay dito sa mundo ang makakaagaw dito. Kahit may problema kayo, magagawa ninyong magpasalamat, magalak, at manalangin. Malulutas ang problema at dadating sa inyo ang mga biyaya. Dahil Diyos ang tagalutas ng problema ninyo, magtitiwala kayo sa proteksyon Niya sa inyo, mawawala ang takot ninyo sa anumang kalamidad. Sinasabi ng Mga Kawikaan 1:33, "Ngunit ang nakikinig sa Akin ay tatahang tiwasay, at papanatag na walang takot sa kasamaan."

Pero, mababagabag ang puso ninyo kung may poot, pakikipagtalo, selos, yabang, galit, palalo, ganid sa pera, at katanyagan, kahit naniniwala kayo sa Panginoon at masipag kayong magsimba. Kapag minamaliit kayo ng ibang tao, masasaktan kayo, magagalit kayo. Kapag nakita ninyong may pag-aaring isang bagay ang kasama ninyo sa trabaho na wala ka, hindi kayo mapalagay, naiinggit kayo. Sa madaling salita, habang masama ang puso ninyo, hindi kayo magiging mapayapa. Magkakaroon kayo ng kapayapaan sa puso kung iwawaksi ninyo ang mga makalaman na bagay mula sa puso ninyo at pupunuin ito ng katotohanan.

Kapag walang selos at inggit sa puso ninyo, mapayapa kayo, parang ilog na dumadaloy ng tahimik. Hindi kayo mabibigo o maguguluhan. Kahit hindi kayo mayaman, magiging masaya kayo sa mga biyayang tinatanggap ng kapwa ninyo. Kung mapagpakumbaba kayo o walang galit sa puso ninyo, pababayaan lang ninyo at hindi papansinin ang mga sinasabi ng ibang nakakasakit ng damdamin o nampupuna. Kung may pumupuna sa inyo nang walang dahilan, tanggapin lang ninyo at ituring na tulong para sa inyong kabutihan, ngitian ninyo sila.

Kahit hindi pa perpekto ang pagpapabanal ninyo, pero isa-isa ninyong iwinawaksi ang masasamang ugali, bibigyan kayo ng kagalakan ng Diyos, pupunuin Niya ng pag-asa ang puso ninyo, magliliwanag ang mukha ninyo dahil sa espirituwal na liwanag. Tatamasahin ninyo ang tunay na kapahingahan at kapayapaan habang tinatanggal ninyo ang mga kasalanan at kasamaan sa puso ninyo at papalitan ito ng katotohanan.

Sa madaling salita, kapag isinusulong natin ang walang hanggang katotohanan at hahanapin ang ikabubuti ng ibang tao sa lahat ng bagay, pupunuin ng Diyos ang puso natin ng makalangit na kagalakan at kapayapaan.

### 3. Magtiwala sa pag-ibig ng Diyos, hindi mawawala ang kapayapaan ninyo

Hindi nasisiyahan sa mga makamundong bagay ang isang taong may tunay na pananampalataya. Hindi niya pagsisikapang pasayahin ang mga mata, mga tainga, at bibig niya. Lalabanan niya ang kasalanan, at magsisikap na maiwaksi ang mga ito. Kung minamahal natin ang Diyos at ginagayak natin ang espiritu natin sa harapan Niya, bibigyan Niya tayo ng kaginhawahan at kapayapaan ng espiritu at katawan. Pinoprotektahan tayo ng Diyos mula sa lahat ng klaseng kalamidad sa ilalim ng kapangyarihan ng Panginoon. Bibigyan Niya tayo ng mabuting sukat ng mga biyaya 'siksik, liglig, at umaapaw'.

Hindi madali ang buhay bilang isang Cristiano. Kung minsan, binibigyan kayo ng Diyos ng mga pagsubok para bumuti ang pagkatao ninyo. Maaring isipin ninyo na hindi na kayo makakaalis sa pagdurusa, o sa pagdanas ng pag-uusig na hindi ninyo makakayanan, o kaya, mapaligiran ng mga kaaway. Habang tumatagal, parang lumalala pa ang situwasyon, pero nagsisikap pa rin kayo na daluhan ang lahat ng pagsamba at maalab na nananalangin. Sa ganitong situwasyon, hindi mawawala ang pagiging mapayapa ninyo kung mananampalataya at aasa kayo sa Diyos.

Hindi kayo matatakot, ni hindi rin kayo mapapagod o panghihinaan ng loob. Mapagtagumpayan ninyo ang mahirap na realidad ng buhay sa pamamagitan ng pananampalataya at magagalak at magpapasalamat ng taos-puso. At hindi tulad ng mga makamundong tao, naniniwala ka na matatapos din ang lahat ng paghihirap, magiging pagpapala ang mga ito. Ito ay sapagkat nagtitiwala kayo sa pag-ibig ng Diyos.

Sinasabi ng Mga Taga-Roma 8:32, "Siya na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit naman hindi ibibigay sa atin nang walang bayad ang lahat ng mga bagay?" Mababasa sa Job 23:10, "Ngunit nalalaman Niya ang daang nilalakaran ko; kapag ako'y Kanyang nasubok, ay lalabas akong parang ginto."

Kung tinatanggap ninyo ang pag-ibig ng Diyos na ibinigay ang bugtong na Anak Niya para sa inyo at nagnanais na sagutin ang bawat isang panalangin ninyo, magkakaroon kayo ng katiyakan na nananahan Siya sa puso ninyo. Pwedeng manlambot kayo sandali kapag may pagsubok o malungkot kapag may nakita kayong kalunuslunos, pero mapayapa pa rin ang kalooban ninyo. Kung gaano kalaki ang pagsubok na pinagdadaanan ninyo, ganoon din kalaki ang pagpapasalamat at kagalakan na madadama ninyo na may pananampalataya.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, Umaasa ako na madadama ninyo ang pag-ibig ng Diyos na nagbibigay sa inyo ng tunay na kapayapaan, kaligayahan, at pag-asa sa buhay na walang hanggan sa langit kahit may mga pagsubok. Idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon, na sa pamamagitan ng kapangyarihan at pag-ibig Niya, magiging banal kayo, tatanggap ng mga kasagutan sa anumang idinadalangin, at luluwalhatiin ninyo ang Diyos.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# Si Jose, ang Daluyan ng Pangako ng Diyos

## Librong Tulong sa Pag-aaral ng Kabataan 9

Inilathala ang pang-110 na libro ni Dr. Jaerock Lee bilang bahagi ng pagdiriwang ng ika-35 anibersaryo ng iglesya. Ang librong *Si Jose, ang Daluyan ng Pangako ng Diyos* ay pang-9 sa mga librong para sa kabataan.

Nagtiwala sa kabutihan ng Diyos ang isang 17 taong gulang na batang lalaki na ipinagbili bilang alipin sa Ehipto. Naging daluyan siya ng pangako ng Diyos. Ang kwento tungkol sa buhay niya ay makatutulong sa mga magbabasa ng libro para makita ang pag-ibig at plano ng Diyos para sa kanila. Matututuhan nila kung paano maging mga tunay na lider.

Ang librong ito ay may 14 na kabanata na hinati sa tatlong bahagi: Unang bahagi: Isang batang lalaki na naging pangalawang Pinuno ng Ehipto; Pangalawang Bahagi: Nailigtas ang mga Mamamayan Dahil sa Karunungan ni Jose; Pangatlong Bahagi: Daluyan ng Pangako ng Diyos. May mga espesyal na bahagi ang librong ito na nagbibigay ng kaalamang biblikal at pagkukumpara ng kabutihan ni Jacob na may pusong espirituwal at ni Jose na may pusong banal.

Habang sinusundan ninyo ang takbo ng buhay ni Jose, malalaman ninyo na ang mga plano ng Diyos ay mas dakila at matayog kaysa sa mga plano ng tao, at ang pag-ibig Niya ay nais magbigay ng mabubuting bagay sa atin. Tutulungan ng librong ito ang pagpapalago ng inyong espiritu.




## "Naging normal at malakas ang puso ko sa loob ng isang gabi!"

**Diakono Robert Johnson, 70 taong gulang, USA**



Isang hapon noong Hunyo 24, 2017, nagmamaneho ako ng sasakyan kasama ang asawa ko, nakaupo siya sa tabi ko. Biglang bumigat ang pakiramdam ng dibdib ko. Walang pakiramdam ang leeg at kaliwang bahagi ng mukha ko. Kumalat sa dibdib at braso ko ang hindi mabuting pakiramdam.


Habang inihahatid ako ng asawa ko sa ER ng pinakamalapit na ospital sa isang base militar, tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor para sa mga maysakit na naka-record sa smartphone. Isinailalim ako sa ilang mga pagsusuri, kasama na dito ang pagsusuri ng aking dugo. Nasuring posibleng mayroon akong myocardial infarction. Inilipat ako sa isang ospital na dalubhasa sa mga sakit sa puso na nasa lunsod. Noong gabing iyon, ipinaalam ng asawa ko sa malaking iglesya ang nangyari sa akin, humiling siya ng panalangin kay Dr. Jaerock Lee na kasalukuyang nasa bahay panalanginan. Idinalangin niya ako.

Noong Hunyo 25, sinuri ulit ang dugo ko at ang buong katawan ko. Kinabukasan, sinabi sa akin ang resulta. May himalang naganap; sinabi ng doktor na normal at malakas ang puso ko, mabuti ang kalagayan nito. Nabigla ako, parang puso daw ng mga nasa edad na 40 o 50 ang puso ko, mas bata kaysa aktuwal na edad ko. Dahil sa panalangin ng Punong Pastor na lumalampas sa lugar at panahon, naging normal at malakas ang puso ko! Hallelujah!

## "Nagsawa ako sa mga laro sa smartphone!"

**Kapatid Youngkwang Kwon, 12 taong gulang, Manmin Central Church**

Noong magkaroon ako ng smartphone, umaga pa lang naglalaro na ako, araw-araw kong ginagawa ito. Iniimbita ko pa ang mga kaibigan ko sa bahay namin para sabay-sabay kaming maglaro. Gustung-gusto kong maglaro, hindi ko mapigilan ang sarili ko kalalaro. Noong Agosto 2017, dumalo ako sa Retreat sa Tag-init ng Manmin. Sa unang gabi, nakakita ako ng mga demonyong lumalabas sa mga taong may diperensya sa pag-iisip. Nabigla ako. Natanto ko na isinasailalim ng kaaway na diyablo at Satanas ang mga tao sa kapangyarihan nila para gumawa sila ng kasalanan. Bigla kong inayawan ang paglalaro sa smartphone ko, binura ko agad ang mga ito.



Gumaling ako mula sa 'sympathetic nervous system disorder'. Palaging mainit ang pakiramdam ng mga kamay at paa ko dati. Kung minsan, hindi ko mahawakan ang lapis, manipis ang suot ko kahit taglamig at nahihiga ako sa malamig na latag sa sahig. Hindi ako nagsusuot ng medyas, dapat may katabi akong 'bulsa de yelo' para makatulog ako sa panahon ng tag-init. Pero, nang tumigil ako sa paglalaro sa smartphone ko, nawalang lahat ng mainit na pakiramdam sa katawan ko. Parang mapayapa ang buong mundo. Nangangarap akong maging pianista na magbibigay ng luwalhati sa Diyos. Nagpapasalamat ako sa Diyos na nagpagaling sa akin.

## "Nabarahan ang 'fallopian tubes' ko, pero, biniyayaan ako ng Diyos ng anak!"



**Diakonesa Yuna Park, 45 taong gulang, Parokya 31, Manmin Central Church**

Noong Abril 2014, nagpakasal ako, hindi na ako gaanong bata noon. Pero may problema ako; gusto kong magkaanak pero hindi pwede. Noong Mayo 2015, sumailalim ako sa pagsusuri (salpingography), nakita doon na barado ang dalawa kong fallopian tubes. Pumunta ako sa isang kilalang klinika na nanggagamot at nagbebenta ng mga oriental na gamot. Wala itong naitulong sa akin. Pagsapit ng Disyembre, tinanggap naming mag-asawa ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee. Pero parang hindi pa rin ako nagbuntis, kaya naghanap pa rin ako ng ibang paraan.

Bago matapos ang taong 2016, pumunta ako sa espesyalista ng laparoscopicsurgery sa isang malaking ospital, pinasuri ko din ang mga obaryo ko. Nasuring mahirap para sa akin ang magbuntis, mga 10% lang, kahit normal naman ang ibang bahagi ng katawan ko. Susuko na sana ako pero naisip ko ang mga biyenan ko. Magmula noon, nagsimula akong manalangin na magbukas nawa ang fallopian tubes ko.

Nang magsimula ang buwan ng Mayo 2017, naghandog kaming mag-asawa at buong pamilya ng pagsamba at pag-aayuno, umasa kaming magbubuntis ako. Pinagpala ako na lubos na magsisi, nagpasalamat ako habang umiiyak. Pinagsisihan ko na hindi ako nagtiwala sa makapangyarihang panalangin ni Dr. Lee kahit matagal na akong Cristiano, at nakita at narinig ko rin ang tungkol sa mahimalang pagkilos niya. Naranasan ko din ito.

Pagkatapos ng isang buwan, nakatakda ang buwanang dalaw ko, pero hindi ako nagkaroon. Nagpasuri ako, buntis na ako! Umiiyak ako habang nagpapasalamat, walang katapusang pagpapasalamat. Lubos ang pagpapasalamat ko sa pagsulong ng buhay Cristiano ko sa iglesyang ito. Noong Hunyo 15, kinumpirma ang pagbubuntis ko sa isang ospital para sa kababaihan. Sinabi ng doktor, "Anim na linggo na ang ipinagbubuntis mo. Nasa sinapupunan mo ito at pumipintig na ang puso." Masayang-masaya kami ng asawa ko dahil sa biyayang ito mula sa Diyos. Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagbigay sa amin ng biyaya sa espiritu at katawan.

# Dahil sa Kapangyarihan Niya, Nailigtas ang mga Tao Mula sa Napakalakas na Bagyo



## "Nagkaroon ng himala dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee!"

Pastor Mark Bazalev, World Holiness Center
Northport, Florida, USA, Setyembre 12

Napakalakas ng bagyong Irma. Hindi ko maisip kung anong nangyari kung hindi nanalangin si Dr. Jaerock Lee. Walang natirang tao sa lunsod dahil lumikas sila papunta sa ibang lugar. Nagsara ang mga tindahan, istasyon ng gas, kahit ang Walmart at McDonald's.

Noong Linggo ng umaga, Setyembre 10, sinabing dadaan ang bagyong Irma sa Northport kung saan makikita ang World Holiness Center. Pero dahil idinalangin kami ni Dr. Lee, nagtiwala kami na iingatan kami ng Diyos, kaya hindi kami lumikas, nanatili kami sa center.

Sinabihan kami ng mga tao na lumikas na, pero nagtiwala kami sa kapangyarihan ng panalangin niya, hindi kami nagduda. Natiyak namin na magkakaroon ng isang himala. Nawalan ng kuryente at internet. Cellphone lang ang paraan ng pag-uusap namin. Sa wakas, naganap ang himala. Biglang nagbago ng direksyon ng bagyong Irma. Kung dumaan siya sa Naples, Florida, gumalaw ito patungo sa ibang lugar at pagkatapos, humina na. Hallelujah!

Kung hindi ito humina at nagpatuloy sa direksyong ibinalita, nagkaroon ng malaking sira ang World Holiness Center. Pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, kumilos ang Diyos; walang ibang paliwanag sa nangyaring himala kundi ang panalangin niya.

## "Iniligtas ng panalangin ni Dr. Jaerock Lee ang mga lunsod at mga iglesya!"

Pastor Vitaliy Fishberg,
The Wisdom and Power of God Manmin Church
New York, USA, Setyembre 13



Noong umaga ng Setyembre 4, tinawagan ako ng ilang pastor, sinabi nila, "May papalapit na napakalakas na bagyo sa Florida, ibinalitang dadaan ito sa New York!" Nag-alala ang mga pastor sa pagdating ng pinakamalakas na bagyong Irma.

Noong Setyembre 6, hiniling ko ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa mga pastor na Ruso ang wika sa New York. Pagkatapos, naging mapayapa na ang kalooban namin ng asawa kong si Olessya dahil naniwala kami na walang magagawa ang malakas na bagyo laban sa kapangyarihan ng panalangin.

Ibinalita na dadaan ang bagyong Irma sa Florida, Linggo ng umaga, abala ang mga tao doon sa paghahanda ng mga pagkain noong Martes ng gabi at Miyerkules ng umaga, mahaba ang pila sa mga gasolinahan. Takot sila kaya iniwan nila ang kanilang mga tahanan. Pero nagbago ang direksyon ng bagyo papuntang kanluran ng Florida habang nasa Dagat Caribbean ito, marami ang nasira dito. Walang nangyaring pagkasira sa bandang Estados Unidos tulad ng inasahan. Hallelujah!

Kahit napakaraming kilalang pastor sa Texas at Florida, walang tulad ng Punong Pastor na nakapagliligtas ang panalangin ng maraming lunsod at iglesya.






## "Ligtas ang mga mananampalataya at ang mga pamilya nila sa Florida!"

Pastor James Sim,
New York International Manmin Church
New York, USA, Setyembre 12

Noong Setyembre 4, nakatanggap ako ng tawag sa telepono mula kay Diakonesa Donovon Pinnock, miyembro siya ng iglesyang pinaglilingkuran ko. Naninirahan sa Florida ang mga kamag-anak niya. Sinabi niya na darating sa Florida ang napakalakas na bagyong Irma, mas malakas pa ito sa bagyong Harvey na dumaan sa Houston, Texas bago matapos ang Agosto. Hiniling niya sa akin na magpadala ng hiling na panalangin kay Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Noong Setyembre 6, ipinadala ko ang hiling sa central church para sa mga miyembro sa Florida.

Ibinabalita ng mga sangay ng pagbabalita na mas lumakas pa ang bagyong Irma, naging category 5 ito. Winasak nito ang Caribbean Islands sa hanging 250 milya bawat oras. Binalaan ng mga opisyal ng Florida ang 6.5 taong naninirahan doon, pinalikas nila ang mga ito. Halos maubos ng mga tao ang mga tindang de lata at pagkain sa mga tindahan bilang paghahanda at nagkaroon ng trapik sa mga kalsada dahil sa sabay-sabay na pag-alis ng mga tao.

Pagkatapos manalangin ni Dr. Lee, nagbago ang direksyon ng bagyong Irma, sa halip na dumaan ito sa silangang baybayin, dumaan ito sentro ng Florida. Hindi nagtagal, ibinalitang dadaan ito sa kanluran ng Florida. Pero, pagkadaan ng malakas na bagyo sa Cuba, bigla itong humina, bumaling pahilaga, at naging category 2 pagdating sa Florida. Nagpatuloy ang paghina nito, naging category 1, hanggang naging malakas na ulan na lang. Kaunti lang ang nasira kaysa sa inasahan.

Naninirahan sa kanlurang bahagi ng Northport, Florida ang kamag-anak ng miyembro ng iglesya na si Kapatid Valentina Golovina. Sinabi niya na walang nasirang kahit ano sa paligid ng bahay niya, walang nabuwal ni isang puno. Nagpatotoo siya, nagagalak, "Dumaan si bagyong Irma sa buong nayon, pero malinis at tuyo na ngayon ang lupa!"

## "Naprotektahan kami pagkatapos manalangin ni Dr. Lee!"

Patotoo ng pamilyang Luis, Jessica, at Genesis Estela
Miami, Florida, USA, Setyembre 14



Noong Setyembre 6, patungo sa hilaga-silangang bahagi ng Hialeah, Miami-Dade County, Florida ang napakalakas na bagyong Irma kung saan kami naninirahan.

Hinampas na ng napakalakas na bagyong Irma ang Caribbean Islands, maraming namatay at naapektuhan pati ang ekonomiya. Gumalaw ang bagyo patungong gitnang Florida, at silangang baybayin dala ang hangin at ulan na 150 milya bawat oras. Naninirahan kami sa hilagang-silangang bahagi ng Miami, pinakamaraming tao sa bahaging ito ng Florida.

Nabalitaan namin na magdadala ng malaking pagkasira ang napakalakas na bagyong ito kaya hiniling namin kay Dr. Jaerock Lee ang dalangin. Pagkatapos ng panalangin Niya, nagbago ang direksyon ng bagyo. Dumaan ito sa kanlurang baybayin ng Florida sa halip na silangang baybayin ng Estados Unidos. Nang marinig namin ang balita, hindi na kami lumikas, nanatili lang kami sa aming tahanan.

Kinagabihan, Setyembre 9, ibinalitang wala na ang bantang direktang tatamaan ng bagyong Irma ang Miami-Dade County. Hallelujah!

**Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas**

**Manila Manmin Holiness Church**
168 West Riverside St., Brgy. San Antonio, San Francisco Del Monte, Quezon City, Metro Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
0977-329-4789

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714